Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

RELEASED DepED 19 JUL 2016

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 271 serye 2016

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng mga Mababa at Mataas Na Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **PANSANGAY NA PATIMPALAK SA KALENDARYO NG PAGBABASA**

Petsa: Hulyo 19, 2016

1. Alinsunod sa Memorandum Pansangay Blg. 220, serye 2016 na pinamagatang "Paggawa Ng Kalendaryo Ng Pagbabasa" na ipinalabas noong Hunyo 17, 2016 ay higit na inaasahang nakapagsimula na sa pagsasagawa ng masinsinang pagbabasa at pagbuo ng Kalendaryo ng Pagbabasa simula sa buwang kasalukuyan ang bawat mag-aaral ng Baitang 4. Ang gawaing ito ay tugon sa hamon ng paglilinang ng kakayahan ng mga kabataan sa pagbabasa na may kritikal na pag-iisip at maging mapanuri sa binasa.

2. Bilang pagpapahalaga sa pangmalawakang gawain, ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay magsasagawa ng Pansangay Na Patimpalak Sa Kalendaryo Ng Pagbabasa simula sa Taung-Panuruan 2016-2017.

3. Ang patimpalak ay may dalawang kategorya: (1) Pang-isahan at (2) Pampaaralan

4. May batang hihiranging may pinakamagaling/mahusay/maayos na gawa para sa bawat distrito at may paaralang tatanggap ng gawad para sa pinakatampok na pagpapatupad ng paggawa ng Kalendaryo ng Pagbabasa sa bawat distrito. Ang mga batang panalo ay tatanggap ng Sertipiko Ng Pagkilala at gintong medalya samantalang ang paaralang manalo ay tatanggap ng tropeo at Sertipiko Ng Pagkilala para sa punungguro at sa Tagapayo ng klase.

5. Ang mga Tagamasid Pampurok ang aasahan sa gawaing ito, ang mekaniks at kriterya ng paghahatol ay ibibigay sa kasunod na Memorandum. Iproklama ang mga magwagi sa patimpalak na ito sa buwan ng Marso sa bawat taon.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.